SD Environmental Services

# Narito na ang Iyong Bagong Lalagyan ng Basura mula sa Lungsod!



## Kailangan ng Ibang Sukat?

Mayroon kang **30 araw sa kalendaryo** mula sa paghahatid ng iyong gray na lalagyan ng basura para humiling ng pagpapalit ng laki ng iyong lalagyan at/o upang i-update ang iyong piniling lalagyan para sa inire-recycle o organic na basura sa pamamagitan ng iyong Portal ng mga Serbisyo ng Pangongolekta ng Basura sa mga Tirahan. Mangyaring maghintay ng **isang araw ng negosyo** pagkatapos ng paghahatid ng lalagyan sa iyo para hilingin ang pagbabago sa antas ng iyong serbisyo. **Walang hiwalay na panahon ng pagpapalit pagkatapos ng paghahatid ng mga lalagyan para sa ini-recycle at organic na basura.**

## Hindi Nakapag-order ng mga Sapat na Lalagyan?

Kung napagtanto mong hindi ka nakapag-order ng mga sapat na lalagyan, mayroon kang **30 araw sa kalendaryo** mula sa paghahatid ng iyong gray na lalagyan para mag-order ng mga karagdagang lalagyan ng basura, para sa inire-recycle o organic sa pamamagitan ng iyong Portal account. Mangyaring maghintay ng **isang araw ng negosyo** pagkatapos ng paghahatid lalagyan sa iyo para hilingin ang pagbabago sa antas ng iyong serbisyo. Magkakaroon ka ng dagdag na babayaran mula sa oras na matanggap mo ang iyong mga karagdagang lalagyan. Ang mga babayaran ay idadagdag sa singil sa pamamahala ng solid basura sa susunod na taon.

## Mahalaga ang Pagpili ng Tamang Laki ng Lalagyan

Ang mga lalagyan na patuloy na naaapawan o naglalaman ng maling uri ng materyal (basura na nasa asul o berdeng lalagyan, o mga organic o inire-recycle sa lalagyan ng basura) **ay maaaring sumailalim sa mga aksyon ng pagpapatupad na may mga multa**.



Kung wala kang Portal account, magsimula sa pamamagitan ng pagbisita sa sandiego.gov/trash.

***Tingnan ang Mahahalagang Tip!***

# Mahahalagang Tip:

## Lagyan Ito ng Label!

Isulat ang address ng iyong tirahan sa puting kahon sa gilid ng lalagyan, sa ilalim ng logo ng Lungsod ng San Diego.




## Mga Bagong Lalagyan para sa Basura at Inire-recycle

Hindi lahat ng mga bagong lalagyan ay ihahatid nang sabay-sabay. Ihahatid muna ng Lungsod ang lahat ng gray na lalagyan at pagkatapos ay babalik upang ihatid ang lahat ng mapusyaw na asul na lalagyan para sa inire-recycle sa ibang pagkakataon.





## Mga Berdeng Lalagyan

Kung pumili ka ng berdeng lalagyan na may ibang numero o sukat, ihahatid ng Lungsod ang mga iyon sa ikatlong pagbisita. Kung sa kasalukuyan ay wala kang berdeng lalagyan o gustong dagdagan ang laki ng iyong kasalukuyang berdeng lalagyan, mangyaring bisitahin ang **sandiego.gov/trash**.

## Mga Lumang Lalagyan para sa Basura at Inire-recycle

Ang Lungsod ay hindi na mangongolekta mula sa itim na lalagyan at madilim na asul na lalagyan para sa inire-recycle sa oras na matanggap na ng iyong buong kapitbahayan ang mga bagong kulay. Kung ang iyong mga lumang lalagyan ay hindi inalis sa iyong ari-arian para ma-recycle, mangyaring magsumite ng kahilingan sa **sandiego.gov/GID**.



*Kung hindi mo pa ito nagagawa, **mag-sign up para sa mga paunawa sa Portal** upang manatiling napapanahon sa mga iskedyul ng paghahatid at iba pang mga update ng kagawaran tulad ng mga kaganapan ng pangongolekta ng Christmas tree o ligtas na pag-shred ng papel.*



Para sa higit pang impormasyon o karagdagang tulong, bisitahin ang **sandiego.gov/trash** o makipag-ugnayan sa Environmental Services sa **trash@sandiego.gov** o tumawag sa **858-694-7000**.

**I-scan para sa mga magagamit na wika:**

- **English**
- **Español**
- **Tiếng Việt**